Social Security

# Mga Benepisyo Para Sa Mga Batang May Mga Kapansanan

2012

www.socialsecurity.gov

# Tawagan ang Social Security

## Bisitahin ang aming website

Ang aming website, ***www.socialsecurity.gov***, ay napaka-mahalagang mapag-kukunan ng kaalaman tungkol sa lahat ng mga palatuntunan ng Social Security. Sa aming website, maaari ka ring:

- Mag-apply para sa pagreretiro, pagkakabalda, at mga benepisyong Medicare;
- Makuha ang address ng lokal na tanggapan ng iyong Social Security;
- Repasuhin ang iyong *Statement ng Social Security*;
- Humiling ng kapalit na Medicare card; at
- Maka-hanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon.

Ang ilan sa mga serbisyong ito ay makukuha sa Ingles.

## Tumawag sa aming libreng numero

Dagdag pa sa paggamit ng aming website, maaari ka ring tumawag sa amin ng libre sa **1-800-772-1213**. Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang mga awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika o interpreter upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Sa pangkalahatan, hindi mo na kailangang maghintay nang matagal kung ikaw ay tatawag sa loob ng linggo matapos ang Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kang tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

## Ano ang nasa loob


Pambungad . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 4

Mga pagbabayad ng SSI para sa mga batang may kapansanan . . . . . . 5

Mga Benepisyo ng Social Security Disability Insurance (SSDI) para sa mga taong may sapat na gulang na may kapansanan mula pa ng pagkabata . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 11

Ang pag-hain para sa mga pagbabayad ng SSI o mga benepisiyo ng SSDI at kung paano ka makakatulong . . . . . . . . . . . . . . . . 13

Mga programa ng pagtulong sa paghahanap ng trabaho para sa mga kabataang may mga kapansanan . . . . . . . . . . . . . . . . 15

Ang Medicaid at Medicare . . . . . . . 17

Ang Children's Health Insurance Program . . . . . . . . . . . . . . . 18

Ibang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan . . 18

## Pambungad

Ang librito na ito ay para sa mga magulang, tagapag-alaga o mga kinatawan ng mga batang wala pang 18 taong gulang na may mga kapansanan na maaaring makapagpatibay sa kanila na maging-marapat para sa mga pagbabayad ng Supplemental Security Income (SSI). Ito ay para rin sa mga taong may sapat na gulang na nagkaroon ng kapansanan noong sila ay menor de edad at na maaaring maging-marapat para sa mga benepisyo ng Social Security Disability Insurance (SSDI). (Ang benepisyo ng SSDI na ito ay tinatawag naming benepisyo sa "bata" dahil ito ay binabayaran sa talaan ng mga kinitang Social Security ng isang magulang.)

Ang libritong ito ay makakatulong sa iyong makapagpasya kung ang iyong anak, o ang isang batang kilala mo, ay maaaring maging karapat-dapat para sa SSI o Social Security.

## Mga pagbabayad ng SSI para sa mga batang may kapansanan

Ang SSI ay nagbibigay ng mga buwanang pagbabayad sa mga taong mababa ang kinikita at kaunti lamang ang mga pag-aari na 65 taong gulang o mas matanda pa o bulag o may kapansanan. Ang iyong anak na wala pang 18 taong gulang ay maaaring maging-marapat kung natugunan niya ang pakahulugan ng kapansanan para sa mga bata, and kung ang kanyang kinikita (income) at mga mapagkukunan (resources) ay napapaloob sa mga limitasyon ng pagiging karapat-dapat. Ang halaga ng pagbabayad ng SSI ay nag-iiba-iba sa mga iba't-ibang estado, sapagkat ang ilang estado ay nagdaragdag sa pagbabayad ng SSI. Ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar ay makakapagbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa kabuuang pambayad ng SSI sa iyong estado.

## Mga patakaran ng SSI tungkol sa kita at sa mga pag-aari

Kapag kami ay nakapagpasiya kung ang iyong anak ay maaaring makakuha ng SSI, isinasaalang-alang namin ang kita at mga pag-aari ng iyong anak. Isalang-alang din namin ang kita at mga pag-aari ng mga kapamilya na kasama ng bata sa bahay. Ang mga patakaran na ito ay itinuturing kapag ang anak mo kasamang nakatira sa bahay. Ito rin ay ituturing kung siya ay wala sa bahay dahil nasa paaralan, ngunit umuuwi paminsan-minsan at nasa iyong pangangalaga.

Kung ang kita at mga pag-aari ng iyong anak, o ang kita at mga pag-aari ng mga kapamilya na kasama ng bata sa bahay ay mahigit sa halaga na pinahihintulutan, tatanggihan namin ang pag-hain ng bata para sa mga pagbabayad ng SSI.

Ang hangganan sa buwanang pagbabayad ng SSI ay $30 kapag ang isang bata ay nanatili sa isang medikal na tirahan kung saan binabayaran ng health insurance (seguro sa kalusugan) ang kanyang pangangalaga.

## Mga patakaran ng SSI sa kapansanan

Dapat matupad ng iyong anak ang lahat ng mga sumusunod na mga pangangailangan upang maisaalang-alang na may kapansanan at nang sa gayon ay maging maging-marapat para sa SSI:

- Ang bata ay hindi dapat nagtatrabaho at kumikita ng higit sa $1,010 bawat buwan sa 2012. (Ang halaga ng mga kinikita ay karaniwang nagbabago bawat taon.) Kung siya ay nagtatrabaho at kumikita ng ganoong kalaking pera, ipagpapalagay naming walang kapansanan ang iyong anak.
- Ang bata ay kailangang may pangkatawan o pangkaisipang karamdaman o kombinasyon ng mga karamdaman, na humantong sa "tinandaan at may takdang hinigipitang gawain." Ang ibig sabihin nito, ang (mga) karamdaman ay dapat talagang humahadlang sa mga gawain ng iyong anak.
- Ang (mga) kalagayan o kondisyon ng bata ay dapat mapaminsala, o inaasahan

na magiging mapaminsala, nang hindi bababa sa 12 buwan; o dapat inaasahan na humantong sa pagkasawi.

Kung ang (mga) kondisyon ng iyong anak ay humantong sa "kinilala at mga malubhang limitasyon sa pagganap" (marked and severe functional limitations) nang hindi bababa sa 12 tuloy-tuloy na buwan, ipagpapalagay naming mayroong kapansanan ang iyong anak. Subalit kung ito ay hindi humantong sa mga limitasyong iyon, o hindi nagresulta sa mga limitasyong iyon nang hindi bababa sa 12 buwan, ipagpapalagay naming walang kapansanan ang iyong anak.

## Ang pagbigay ng impormasyon tungkol sa karamdaman ng iyong anak

Kapag ikaw ay nag-hain para sa mga benepisiyo para sa iyong anak, hingiin namin sa iyo ang detalyadong impormasyon tungkol sa medikal na karamdaman ng iyong anak at kung paano nito naapektuhan ang kanyang kakayahang gawain sa araw-araw. Hihilingin din namin sa iyo ang pahintulot na ipadala sa amin ng mga doktor, mga guro, mga therapist at iba pang mga propesyonal ang impormasyong mayroon sila tungkol sa karamdaman ng iyong anak.

Kung mayroon kang anumang medikal o pang-paaralang talaan ng iyong anak, mangyaring dalhin ang mga ito. Ito ay makakatulong na mapabilis ang pagpapasiya sa iyong pag-hain.

## Ano ang susunod na mangyayari?

Ang lahat ng impormasyong ibibigay mo sa amin ay ipapadala namin sa Disability Determination Services (Mga Serbisyo sa Pagpapasiya tungkol sa Kapansanan) sa iyong estado. Suriin ng mga doktor at iba pang may-sanay na tauhan sa estadong ahensiyang ito. ang mga impormasyon, at hihilingin din nila ang medikal at pang-paaralang talaan ng iyong anak, at anumang ibang impormasyon na kinakailangan upang pagpasiyahan kung ang iyong anak ay may kapansanan.

Kung hindi makapagpasiya ang ahensiyang estado tungkol sa kapansanan, sa pagsuri lamang ang medikal na impormasyon, mga talaan sa paaralan at iba pang mga katunayan na mayroon sila, maaari nilang hilinging gampan ang anak mo ng pang–medikal na eksamen o pagsusuri. Kami ang magbabayad para sa iksamen o pagsusuri.

## Maaari kaming gumawa kaagad ng pagbabayad ng SSI sa iyong anak

Maaaring abutin ng tatlo hanggang limang buwan upang ang ahensya ng estado ay makapagpasya kung ang iyong anak ay may kapansanan. Gayunpaman, para sa ilang mga medikal na kalagayan, binibigay namin kaagad ang mga pagbabayad ng SSI nang hanggang anim na buwan hanggang ang ahensya ng estado ay makapagpasya na ang iyong anak ay mayroong kapansanan.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga kalagayan o kondisyon na maaaring maging karapat-dapat:

- Impeksyon ng HIV;
- Buong pagkabulag;

- Buong pagkabingi;
- Cerebral palsy;
- Down syndrome;
- Muscular dystrophy;
- Malubhang aberasyon o intellectual disorder (batang edad 7 o mas matanda); at
- Timbang noong ipinanganak ay mas mababa sa 2 libra, 10 onsa.

Kung ang iyong anak ay mayroong isa sa mga nagbibigay limitasyon na kalagayan, siya ay makakakuha kaagad ng pagbabayad ng SSI. Gayunman, maaaring ipagpasiya ng ahensiya ng estado sa kahuli-hulihan na ang kapansanan ng iyong anak ay hindi sapat na malubha para sa SSI. Kung ito ay nangyari, hindi mo kailangang isauli ang mga pagbabayad ng SSI na nakuha ng iyong anak.

## Mga suri ng SSI sa mga kapansanan

Kapag ang iyong anak ay nagsimula nang tumanggap ng SSI, iniaatas sa amin ng batas na suriin nang pana-panahon ang medikal na karamdaman ng iyong anak upang tiyakin na siya ay may kapansanan pa. Ang suri na ito ay dapat gawin:

- Nang kahit man lamang bawat tatlong taon para sa mga batang wala pang 18 taong gulang na mayroong mga karamdaman na inaasahang bumuti; at
- Sa edad na 1 taon para sa mga sanggol na nakakakuha ng mga pagbabayad ng SSI dahil sa kanilang mababang timbang nang ipinanganak, maliban kung natiyak namin na ang kanilang medikal na karamdaman ay hindi inaasahang bumuti sa kanilang unang kaarawan at tinipanan namin ang suri sa ibang panahon.

Maaari kaming magsagawa ng isang pagsusuri sa kapansanan kahit na ang kondisyon ng iyong anak ay hindi inaasahang bumuti. Kapag kami ay susuri, dapat mong ipakita sa amin ang ebidensya na ang iyong anak ay tumatanggap at nakatanggap ng paggamot na itinuturing na medikal na kailangan para sa karamdaman ng iyong anak

## Ano ang mangyayari kapag naging 18 taong gulang ang iyong anak

Para sa mga layunin ng may kapansanan sa programa ng SSI, ang isang bata ay nagiging isang taong may sapat na gulang sa edad na 18, at iba ang aming ginagamit na medikal at hindi medikal na mga patakaran kapag nagpapasiya kung ang isang taong may sapat na gulang ay maaaring makakuha ng mga pagbabayad ng SSI para sa kapansanan. Halimbawa, hindi namin isinasama ang kita at mga pag-aari ng mga kapamilya kapag nagpapasiya kung natupad ng isang taong may sapat na gulang ang mga hangganang halaga ng pera o paga--aari sa SSI. Binibilang lamang namin ang kita at mga pag-aari ng taong may sapat na gulang. Ginagamit din namin ang mga patakaran ng kapansanan para sa mga taong may sapat na gulang kapag nagpapasiya kung ang isang taong may sapat na gulang ay may kapansanan.

- Kung ang iyong anak ay tumatanggap na ng mga pagbabayad ng SSI, kailangan naming suriin muli ang medikal na karamdaman ng bata kapag siya ay naging 18 taong gulang. Karaniwan namin ginagawa ang suri na ito sa isang

buong taóng panahon na magsisimula sa ika-18 kaarawan ng iyong anak. Gagamitin namin ang mga patakaran para sa kapansanan na ukol sa mga taong may sapat na gulang upang magpasiya kung ang iyong 18 taong gulang ay may kapansanan.

Kung ang iyong anak ay hindi maging-marapat para sa SSI bago ng kanyang ika-18 kaarawan dahil lampas sa hangganan ang kita o mga pag-aari mo at ng iyong asawa, maaari siyang maging-marapat para SSI sa edad na 18.

Para sa karagdagang impormasyon, hilingin ang *Karagdagang Perang Pangseguridad (SSI)* (Publikasyon Blg. 05-11000-TL).

## Mga Benepisyo ng Social Security Disability Insurance (SSDI) para sa mga taong may sapat na gulang na may kapansanan mula pa ng pagkabata

Ang programa ng SSDI ay nagbabayad ng mga benepisiyo sa mga taong may sapat na gulang, na ang kapansanan ay nagsimula bago sila naging 22 taong gulang. Ang benepisiyo ng SSDI na ito ay tinuturing naming benepisiyo sa "bata" dahil ito ay binabayaran sa talaan ng kinikitang Social Security ng isang magulang.

Upang maging-marapat sa benepisiyo sa "bata" na ito ang isang taong may sapat na gulang na may kapansanan, ang isa sa kanyang mga magulang o ang kanyang mga magulang ay:

- Dapat tumatanggap ng mga benepisyo ng Social Security sa pagreretiro o para sa may kapansanan; o
- Dapat namatay at nagtrabaho nang sapat na panahon sa ilalim ng Social Security.

Ang mga benepisyong ito ay mababayaran din sa isang taong may sapat na gulang, na tumatanggap ng mga benepisiyo ng sustentado sa talaan ng kita ng isang magulang sa Social Security bago ng 18 taong gulang, kung siya ay nagkaroon ng kapansanan sa edad na 18. Gagamitin namin ang mga patakaran para sa mga may kapansanang tao na sapat sa gulang sa pagpasiya nito. Ang mga SSDI na benepisiyo sa "bata" para sa isang taong may sapat na gulang na may kapansanan ay magpapatuloy habang may kapansanan ang taong ito. Hindi kinakailangang nakapagtrabaho ang iyong anak upang makakuha ng mga benepisyong ito.

## Paano kami nagpapasiya kung ang iyong "anak" ay may kapansanan para sa mga benepisyo ng SSDI

Kung ang iyong anak ay 18 taong gulang o mas matanda, tatasahan namin ang kanyang kapansanan sa kagayang paraan tulad ng pagtasa namin sa kapansanan ng sinumang taong may sapat na gulang. Ipapadala namin ang aplikasyon sa Mga Serbisyo sa Pagpapasya Tungkol sa Kapansanan (Disability Determination Services) sa iyong estado na siyang gumagawa ng kapasyahan para sa amin. Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa kung paano kami nagtatasa ng kapansanan para sa mga taong

nasa hustong gulang, humingi ng kopya ng *Mga Benepisyo sa Kapansanan* (Publication No. 05-10029-TL).

## Ang pag-hain para sa mga pagbabayad ng SSI o mga benepisiyo ng SSDI at kung paano ka makakatulong

Maaari kang mag-hain para sa Social Security o mga pagbabayad ng SSI para sa iyong anak sa pamamagitan ng pagtawag nang libre sa Social Security sa **1-800-772-1213** o sa pamamagitan ng pagpunta sa tanggapan ng Social Security sa iyong lugar. Kung ikaw ay nag-hahain para sa mga pagbabayad ng SSI para sa iyong anak, dapat ay nasa iyo ang kanyang numero ng Social Security at sertipiko ng kapanganakan kapag ikaw ay nag-hain. Kung ikaw ay nag-hahain para sa mga pagbabayad ng SSI para sa iyong anak, mangyaring dalhin din ang iyong sariling numero ng Social Security bukod sa numero ng Social Security ng anak mo at kanyang sertipiko ng kapanganakan.

Matutulungan mo kaming magpasiya sa pamamagitan ng:

- Pagsabi sa amin ng lahat ng nalalaman mo tungkol sa (mga) medikal na karamdaman ng iyong anak;
- Pagbigay sa amin ng mga petsa ng pagpunta sa mga doktor o mga ospital, ang mga numero ng kwenta ng pasyente para sa alinmang mga doktor o mga ospital, at anumang ibang impormasyon na makakatulong sa amin na makamtan

ang mga talaang medikal ng iyong anak; at

- Pagbigay sa amin ng mga kopya ng anumang mga medikal na ulat o impormasyon na nasa iyo.

***PAUNAWA:*** *Hindi mo kailangang humiling ng impormasyon mula sa mga doktor ng iyong anak. Tatawagan namin sila mismo para makamtan ang anumang mga ulat o impormasyon na kailangan namin upang makapagpasiya ukol sa kapansanan ng iyong anak.*

Kung ang iyong anak ay mas bata ps sa 18 taong gulang at nag-hahain para sa SSI, kakailanganin mong magbigay ng mga talaan upang ipakita ang iyong kita at mga pag-aari, pati na rin ang para sa iyong anak. Hihilingin din namin sa iyo na ilarawan kung paano naaapektuhan ng kapansanan ng iyong anak ang kanyang kakayahang gawin ang mga pang-araw-araw na gawain. Bukod pa rito, hihilingin namin ang mga pangalan ng mga guro, mga day care provider at mga kapamilya na makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa paraan ng pagkilos ng iyong anak. Kung mayroon kang anumang mga talaan sa paaralan, dapat mo dalhin ang mga ito sa pagpakinayam.

May mga tanging pakikipagkasunduan na nagawa sa mga medical provider, mga ahensiya ng social service (panlipunang serbisyo) at mga paaralan sa maraming komunidad upang matulungan kaming makamtan ang ebidensiyang kailangan namin upang iproseso ang claim ng iyong anak. Gayunman, ang iyong kooperasyon

sa pagkuha ng mga rekord at iba pang impormasyon ay makakatulong sa amin na matapos nang mas mabilis ang aming trabaho.

## Mga programa ng pagtulong sa paghahanap ng trabaho para sa mga kabataang may mga kapansanan

Marami kaming paraan upang hikayatin ang mga kabataang tumatanggap ng mga pagbabayad ng SSI o mga benepisiyo ng SSDI at na gustong magtrabaho.

### Sa ilalim ng SSI:

- Kapag nakalkula namin ang buwanang pagbabayad ng SSI para sa iyong anak, hindi namin isinasama ang karamihan ng kita ng iyong anak. Kung ang iyong anak ay mas bata sa 22 taon at isang estudyante na pirmihang pumapasok sa paaralan, mas malaki pang bahagi ng kanyang kita bawat buwan ang aming hindi isinasama. Sa 2012, maaaring hindi isama ng mga estudyanteng may kapansanan na mas bata sa 22 ang $1,700 ng kanilang mga buwanang kita, na may limit bawat taon na $6,840, kapag isinasama ang kanilang kita para sa mga layunin ng SSI. Ang mga limit na ito ay tumataas bawat taon.
- Sa isang Plan to Achieve Self-Support (PASS, Plano Upang Masuportahan ang Sarili), maaaring ipunin ng isang batang 15 taon o mas matanda ang bahagi ng kanyang kita at mga pag-aari upang bayaran ang edukasyon at ang ibang mga bagay na kinakailangan upang makapagtrabaho. Hindi namin isinasama

ang inipong kita kapag kinakalkula namin ang kita ng iyong anak para sa mga layunin ng SSI. Hindi namin isinasama ang inipong kita at mga pag-aari kapag kinakalkula namin ang halaga ng pagbabayad ng iyong anak.

- Dahil sa (mga) medikal na karamdaman, maaaring kailanganin ng iyong anak ang ilang mga bagay at mga serbisyo upang makapagtrabaho, tulad ng isang silyang may gulong o personal na katulong. Kapag kinakalkula ang pagbabayad ng SSI sa iyong anak, hindi namin isasama sa mga kita ng iyong anak ang ilan o lahat ng halagang ibinayad para sa mga bagay at mga serbisyo.
- Ang iyong anak na mas matanda sa 15 taon ay maaaring makakuha ng tulong sa pag-panibagong buhay at pagpasanay.
- Ang Medicaid coverage ay magpapatuloy kahit na ang mga kita ng iyong anak ay sapat na mataas upang itigil ang buwanang pagbabayad ng SSI, basta ang mga kita ay nasa ilalim ng isang takdang halaga.

## Sa ilalim ng SSDI:

- Ang isang taong may sapat na gulang na may kapansanan bago ng edad na 22 ay makakakuha ng kagayang tulong sa mga gastos sa trabaho na ipinaliwanag sa ibabaw para sa isang SSI na bata, at tulong sa panibagony at pagpasany.
- Ang mga salaping benepisiyo ay maaaring magpatuloy hanggang makapagtrabaho ng pirmihan ang isang tao.

- Ang Medicare ay maaaring magpatuloy ng hanggang 93 buwan (pitong taon, siyam na buwan).

Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon hinggil sa mga programang ito sa aming website, sa ***www.socialsecurity.gov***, o sa pamamagitan ng pagtawag ng libre sa **1-800-772-1213**.

## Ang Medicaid at Medicare

Ang Medicaid ay isang programa ng pangangalaga sa kalusugan para sa mga taong mababa ang kinikita at kaunti lamang ang mga pag-aari. Sa karamihan ng mga estado, ang mga batang nakakakuha ng mga pagbabayad sa SSI ay maging-marapat rin para sa Medicaid. Sa karamihang estado, kusang kasama ang Medicaid sa pagiging maging-marapat sa SSI. Sa ibang mga estado, dapat kang sumali dito. At ang ilang bata ay makakuha ng Medicaid coverage kahit hindi sila maging-marapat para sa SSI. Tanungin ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar, ang ahensiya ng Medicaid sa iyong estado, o ang tanggapan ng social services ng iyong estado o county para sa karagdagang impormasyon.

Ang Medicare ay isang pederal na programa ng pangkalusugang kaseguraduhan para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda at para sa mga taong dalawang taon man lamang tumatanggap ng mga benepisiyo ng Social Security para sa kapansanan. May dalawang kataliwasan ang patakarang ito. Ang iyong anak ay maaari makakuha kaagad ng Medicare kung siya ay:

- May matagal na karamdaman sa bato at nangangailangan ng paglilipat ng bato

o pagpapahalaga sa paglilinis ng likido sa katawan na pinadadaan sa makina; o
- May Lou Gehrig's disease (amyotrophic lateral sclerosis).

## Ang Children's Health Insurance Program

Ang Children's Health Insurance Program ay nagbibigay sa mga estado ng kakayahang magkaloob ng segurong pangkalusugan (health insurance) sa mga bata na galing sa mga nagtatrabahong pamilya na ang mga kita ay napakataas upang maging-marapat para sa Medicaid, ngunit masyado namang mababa upang makakuha ng pribadong segurong pangkalusugan. Ang programa ay nagbibigay ng saklaw para sa mga de-resetang gamot, paningin, pandinig, at mga serbisyo sa pangkaisipang pangkalusugan, at makukuha sa lahat ng 50 estado sa District of Columbia. Ang ahensya ng Medicaid sa iyong estado ay maaaring makapagbigay ng impormasyon tungkol sa programang ito, o maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon tunkol sa kasaklawan para sa iyong mga bata sa ***www.insurekidsnow.gov*** sa Internet o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-877-543-7669**.

## Ibang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

Kapag ang iyong anak ay nakakuha ng SSI, sasabihin namin sa iyo ang mga lugar kung saan ka makakakuha ng mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan para sa iyong anak. Ang mga serbisyong ito ay

nasa ilalim ng probisyon ng Children with Special Health Care Needs (Mga Batang may mga Espesyal na Pangangailangan sa Pangangalaga sa Kalusugan) ng Social Security Act (Batas ng Social Security). Ang mga programang ito ay karaniwang pinangangasiwaan ng mga ahensiya ng kalusugan ng estado.

Ang mga estado ay tinatawag ang mga serbisyong ito sa iba't ibang mga pangalan kabilang ang Children's Special Health Services, Children's Medical Services at Handicapped Children's Program. Karamihan sa mga programa ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa pamamagitan ng mga klinika, mga pribadong tanggapan, mga out-patient at in-patient na mga sentro ng paggamot, o mga ahensya sa komunidad.

Kahit na hindi tumatanggap ng SSI ang iyong anak, maaaring makatulong sa iyo ang isa sa mga programang ito. Matutulungan ka ng mga kagawaran sa kalusugan sa iyong lugar, mga tanggapan ng social service, o mga ospital na makipag-alam sa programa ng Children with Special Health Care Needs sa iyong lugar.

www.socialsecurity.gov

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10026-TL
Benefits For Children With Disabilities (Tagalog)
January 2012